

FY 2022-2026 EPA STRATEGIC PLAN

MALAWAKANG PANANAW

Ano ang Strategic Plan ng EPA?

- Ipinapahayag ang mithiin, mga prioridad, at estratehiya ng EPA para makumpleto ang misyon ng agency sa susunod na apat na taon.
- Naglilingkod bilang isang balangkas para sa taunang pagpapalano at paggawa ng budget at development ng mga plano para sa grant.
- Nagbibigay ng batayan para sa pagbabantay sa progreso at pag-aayos ng mga estratehiya.
- Nakakatugon sa mga requirement para sa kabuuan ng gobyerno ([Government Performance Results Act \(GPRA\) Modernization Act](#))



Pagplano ng EPA at Balangkas ng Pagganap

Ano ang Pangunahing Mga Isyu sa Strategic Plan ng EPA?

- Nire-renew ng Plan ang pananautan sa tatlong prinsipyo ng EPA— sundin ang science, sundin ang batas, at magingmalinaw, habang nagdadagdag ng ikaapat na batayang prinsipyo: pasulungin ang hustisya at pagkakapantay-pantay ng lahat.
- Sa unang pagkakataon, ang *Plan* ng EPA ay may kasamang may estratehiyang layunin na nakatuon lang sa pagtutugon sa pagbabago ng klima at di pa kailanman nagagawang may estratehiyang layunin na pasulungin ang environmental justice at civil rights. Ang mga prioridad na ito ay kasama sa kabuuan ng mga layunin sa programa ng *Plan* at mga cross-agency na estratehiya.
- Ang apat na cross-agency na estratehiya ng EPA ay nagbibigay detalye sa mga pamamaraan kung paano makakapagtrabaho para matamo ang inaasahang resulta ng misyon, kasama na ang pakikipagtulungan kasama ang mga nakagawi na at mga bagong kapartner – Mga tribal nation, estado at lokal na pamahalaan, at mga komunidad.
- Ang tatlong Agency Priority Goals ay magpapasimula ng aksyon sa pagbabago ng klima (climate change), environmental justice, at civil rights.

FY 2022-2026 Balangkas ng Strategic Plan ng EPA

Layunin: Para Protektahan ang Pampublikong Kalusugan at Kapaligiran

Mga Prinsipyo: Sundin ang Science, Sundin ang Batas, Maging Malinaw, Pasulungin ang Hustisya at Pagkakapantay-pantay



Unang Estratehiya:

Tiyakin ang Siyentipikong Integridad at Batay sa Science na Pagdedesisyon



Ikalawang Estratehiya:

Ikonsidera ang Kalusugan ng Mga Bata sa Lahat ng Yugto ng Kanilang Buhay at ang Iba pang Mahihinang Mga Populasyon



Ikatlong Estratehiya:

Pasulungin ang Kagalingan sa Organisasyon ng EPA at Pagkakapantay-pantay ng Mga Manggagawa



Ikaapat na Estratehiya:

Patatagin ang Tribal, State, at Local na Mga Partnership at Pahasayin ang Pakikibahagi ng Lahat



Unang Layunin:

Harapin ang Climate Crisis (Krisis sa Klima)



Ikalawang Layunin:

Magsagawa ng Pursigidong Pagkilos para Mapasulong ang Environmental Justice



Ikatlong Layunin:

Patibayin ang mga Batas sa Kapaligiran at Tiyakin ang Pagsunod sa mga Ito



Ikaapat na Layunin:

Tiyakin ang Malinis at Mabuti sa Kalusugan na Hangin para sa Lahat ng Mga



Ikalimang Layunin:

Tiyakin ang Malinis at Ligtas na Tubig para sa Lahat ng Mga Komunidad



Ikaanim na Layunin:

Bantayan at Pasiglahin ang Mga Komunidad



Ikapitong Layunin:

Tiyakin ang Kaligtasan ng Mga Kemikal para sa Mga Tao at Kapaligiran

- **Layunin 1.1:** Bawasan ang Mga Emission na Nagiging Sanhi ng Pagbabago sa Klima
- **Layunin 1.2:** Pabilisin ang Pagbawi at Pag-aangkop sa Mga Epekto ng Pagbabago sa Klima
- **Layunin 1.3:** Pasulungin ang International at Subnational na Pagsisikap para sa Klima

- **Layunin 2.1:** Itaguyod ang Environmental Justice at Civil Rights sa Federal, Tribal, State, at Local na mga Level
- **Layunin 2.2:** Itatag ang Environmental Justice at Civil Rights sa Mga Programa, Patakaran at Aktibidad ng EPA
- **Layunin 2.3:** Palakasin ang Pagpapatupad ng Civil Rights sa Mga Komunidad na May Ikinababahala hinggil sa Environmental Justice

- **Layunin 3.1:** Bigyang Pananagutan ang Mga Lumalabag sa Mga Patakaran para sa Kapaligiran at Responsableng Panig
- **Layunin 3.2:** Tuklasin ang Mga Paglalabag at Itaguyod ang Pagsunod sa Mga Patakaran

- **Layunin 4.1:** Pahasayin ang Kalidad ng Hangin at Bawasan ang Localized na Polusyon at Mga Epekto sa Kalusugan
- **Layunin 4.2:** Bawasan ang Pagkakalanta sa Radiation at Pahasayin ang Hangin sa Looban

- **Layunin 5.1:** Siguraduhin na Ligtas ang Iniinom ng Tubig at Maasahang Mga Imprastruktura ng Tubig
- **Layunin 5.2:** Protektahan at Ibalik ang Waterbodies at Watersheds

- **Layunin 6.1:** Linisin at Ibalik sa Dating Kalagayan ang Lupain upang Magamit ang Mga Ito sa Produktibong Paraan at Mabubuti sa Kalusugan na Mga Komunidad
- **Layunin 6.2:** Bawasan ang Basura at Iwasan ang Kontaminasyon ng Kapaligiran
- **Layunin 6.3:** Maghanda at Tumugon sa Mga Emergency sa Kapaligiran

- **Layunin 7.1:** Siguraduhin ang Kaligtasan laban sa Kemikal at Pesticide
- **Layunin 7.2:** Itaguyod ang Pag-iiwas sa Polusyon

Unang Layunin: Klima	Layunin 1.1:	Ipahayag ang mga panghuling tuntunin para mabawasan ang greenhouse gas na mga emission mula sa light duty, medium-duty, at mga heavy-duty na sasakyan; mga electric utility generating unit; at ang industriya ng langis at gas.
		Ang mga partnership program para sa klima ng EPA ay magbabawas sa inaasahang taunang GHG emissions ng 545 milyong metric ton ng katumbas na carbon dioxide.
	Layunin 1.2:	Ipatupad ang lahat ng mga priyoridad na kilos sa Climate Adaptation Action Plan ng EPA at ang 20 National Program at Regional Climate Adaptation Implementation Plans para managot sa mga epekto ng pagbabago ng klima sa kalusugan ng tao at sa kapaligiran.
		Tumulong sa kahit man lang 400 pederal na kinilalang Mga Tribe upang kumilos bilang pag-iwas sa inaasahan, makapaghanda, umangkop, o makabangon mula sa mga epekto ng pagbabago sa klima.
	Layunin 1.3:	Tumulong sa kahit man lang 450 mga state, territory, local government, at mga komunidad, lalo na ang mga komunidad na di masyado napaglilingkuran at di patas na nanganganib sa pagbabago sa klima, para kumilos bilang paghahanda sa inaasahan, makapaghanda, umangkop, o makabawi mula sa mga epekto ng pagbabago sa klima.
Ikalawang Layunin: Environmental Justice	Layunin 2.1:	Magpatupad ng kahit man lang 40 international climate engagement na magresulta sa isang indibiduwal na pananagutan ng partner o kilos para mabawasan ang mga greenhouse gas emission, umangkop sa pagbabago ng klima, o mapahusay ang kabilisang bumawi na nagtataguyod sa pagkakapantay-pantay ng lahat.
		Ang lahat ng mga programa ng EPA na hanap ang feedback at komento mula sa publiko ay magbibigay ng mga mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong sa mga komunidad na may mga ikinababahalang sa environmental Justice para mabigyang suporta ang kanilang kakayahan na makabuluhang maging bahagi at makapagbigay ng nakakatulong na feedback sa mga nasabing programa na iyon.
		Isama ang mga pangako para matugunan ang mga di patas na epekto sa lahat ng mga naisadokumentong kasunduan sa pagitan ng EPA at Tribes at mga estado (hal. mga grant work plan) na nagpapatupad ng mga natalagang awtoridad.
		Ang mga programa ng EPA na may direktang awtoridad sa pagpapatupad ay magsasagawa ng hindi mas kaunti sa 100 mga mahahalagang kilos na magresulta sa makabuluhang pagpapahusay sa bansang India.
		Ang lahat ng mga tatanggap ng pinansiyal na tulong mula sa EPA ay may batayang civil rights programs na nakatakda.
	Layunin 2.2:	Tataas ng 40% ang bilang ng mga aktibidad ng Office of Research and Development na may kaugnayan sa environmental Justice na kinasasangkutan o naaangkop sa mga Tribe, state, territory, lokal na gobyerno, at mga komunidad.
		Bawasan ang mga di pagkakapatas-patas sa kapaligiran at kondisyon ng pampublikong kalusugan na ang mga hudyat ay tinitiyak sa FY 2022-2023 Agency Priority Goal.
		80% ng mahahalagang kilos ng EPA na may mga implikasyon sa environmental Justice ay malinaw na magpapakita kung paano makakatugon ang kilos sa mga ikinababahalang sa environmental justice at makakabawas o kaya'y makakatugon sa mga di patas na mga epekto.
		Ang lahat ng mga programa ng EPA na nagtatrabaho sa at kasama ng mga komunidad ay kikilos sa mga paraan na nakatuon sa komunidad, maayos at nagkakaisa, sumusuporta sa patas at nakakabawing development ng komunidad, at magbibigay ng makabulungan pakikiisa at patas na pakikitungo sa mga komunidad na may mga ikinababahalang sa environmental justice.
		Ang lahat ng mga programa ng EPA at rehiyon ay kikila at magpapatupad ng mga area at oportunidad para maisama ang mga konsiderasyon para sa environmental justice at makasunod sa mga patakaran sa civil rights sa kanilang pagpapalano, gabay, mga kautusan ng patakaran, pagbabantay, at pag-review ng mga aktibidad.
		Ang lahat ng mga programa ng EPA at rehiyon ay magpapatupad ng programa at tiyak sa rehiyon na mga plano bilang pantulong sa wika.
Layunin 2.3:	Ang lahat ng mga programa ng EPA at rehiyon ay magpapatupad ng programa at tiyak sa rehiyon na mga plano sa pag-access ng mga kapansanan.	
	Pasimulan ang 45 proactive post-award civil rights compliance reviews para matugunan ang mga isyu ng diskriminasyon sa sobrang nahihirapan na kapaligiran at di masyado napaglilingkuran na mga komunidad.	
		Kumpletuhin ang 305 mga audit para matiyak ang mga tatanggap ng pinansiyal na tulong ng EPA ay nakakasunod sa nondiscrimination program procedural requirements

Ikaapat na Layunin: Hangin	Layunin 4.1:	Bawasan ang mga ozone season emission ng nitrogen oxide mula sa mga pinagmumulang mga lumilikha ng kuryente ng 21% mula sa 2019 baseline na 390,354 tons. Mapahusay ang sinusukat na kalidad ng hangin sa mga county na di nakakatugon sa kasalukuyang National Ambient Air Quality Standards mula sa taong 2016 baseline ng 10%, Magsikap para matiyak na ang lahat ng may mababang socio-economic status ay nakatira sa mga area kung saan ang hangin ay nakakatugon sa kasalukuyang fine particle pollution na National Ambient Air Quality Standards. Tiyakin ang paggamit ng hydrochlorofluorocarbons sa Estados Unidos ay mas kaunti sa 76.2 tons kada taon na posibilidad para mabawasan ang ozone.
	Layunin 4.2:	Iwasan ang 2,250 na mga namamatay sanhi ng kanser taon-taon sa pamamagitan ng mas mababang radon exposure kung ikukumpara sa baseline ng FY 2020 na 1,684 na mga naiwasang pagkamatay sanhi ng kanser.
Ikalimang Layunin: Tubig	Layunin 5.1:	Bawasan ang bilang ng mga sistema ng patubig sa komunidad na di nakakasunod sa mga standard para sa kalusugan mula noong Marso 31, 2021 mula 752 at gawing 500. Bawasan ang bilang ng mga sistema ng patubig sa Indian country na di nakakasunod sa mga standard para sa kalusugan mula noong Marso 31, 2021 mula 110 at gawing 70. Bigyang lakas sa pamamagitan ng dagdag na \$45 bilyon na non-federal dollar sa pamamagitan ng mga programa ng pananalapi para sa imprastruktura ng patubig ng EPA (CWSRF, DWSRF at WIFIA). Sa pakikipagtulungan ng iba pang mga pederal na ahensya, magbigay ng access sa basic sanitation para sa karagdagang 36,500 American Indian at Alaska Native na mga tirahan. Magkaloob ng 2,203 Tribal, small, rural, o di masyado napaglilingkuran na mga komunidad ng technical, managerial, o pinansiyal na tulong para mapahusay ang mga operasyon ng kanilang iniinom na tubig o wastewater na sistema.
	Layunin 5.2:	Palawakin ng 41,000 square miles ang area ng mga watershed na may surface water na nakakatugon sa mga standard na dating di nakakatugon sa mga ito.
Ikaanin na Layunin: Lupain	Layunin 6.1:	Pamahalaan ang pagkakalantad ng tao sa dagdag na 60 Superfund na mga site. Kumpletuhin ang 225 Superfund cleanup na proyekto na tumutugon sa lead bilang isang contaminant. Magdagdag ng karagdagang 650 ari-arian ng brownfields. Magdagdag ng 425 RCRA na paglilinis bilang pangwastong pagkilos na Handa para sa Inaasahang Paggamit. Magsagawa ng karagdagang 35,000 paglilinis sa Tumutulong Underground na Storage Tank na pasilidad.
	Layunin 6.2:	Pataasin ang porsiyento ng mga na-update na permiso sa mga pasilidad ng RCRA mula 80% mula sa FY 2021 baseline na 72.7%.
	Layunin 6.3:	Tiyakin na ang 40% na taunang pagtugon sa emergency at mga ehersisyon para sa pag-aalis na isinasagawa ng EPA o kinasasalinan nito ay may kasamang environmental justice.
Layunin: Mga Kemikal	Layunin 7.1:	Makakumpleto ng kahit man lang walong High Priority Substance TSCA risk evaluations taon-taon alinsunod sa nakasaad sa batas ng mga timeline kung ikukumpara sa FY 2020 baseline na isa. Pasimulan ang lahat ng mga pagkilos para sa pamamahala sa panganib ng TSCA sa loob ng 45 araw nang matapos ang isang panghuling kasalukuyang pagtatasa sa panganib ng kemikal (chemical risk evaluation). Balikan ang 90% ng dating requirement para mapakaunti ang panganib para sa mga bagong desisyon ng TSCA sa chemical substances kung ikukumpara sa baseline sa taong FY 2021 na wala. Muling patotohanan bago ang expiration date na 36% ng mga lead based na Renovation, Pag-aayos, at Pagpipintura na kompanya na gumagamit ng lead based na pintura, na kung saan ang mga certification ay naka-schedule na mag-expire kung ikukumpara sa FY 2021 baseline na 32%. Makakumpleto ng 78 mga kaso ng pagrereview sa pagrerehistro ng pesticide na may nasa batas a mga huling takdang araw sa Oktubre 1, 2022. Ikonsidera ang mga pagtitiyak sa mga epekto o mga proteksyon ng mga pederal na nagbabanta at nanganganib na specie para sa mga bagong active ingredient sa 90%

FY 2022-2026 Mga Pangmatagalang Layunin sa Pagganap – Mga Estratehiya sa Cross-Agency (Sa pagitan ng

Unang Estratehiya: Siyensya	Pataasin ang taunang porsiyento ng mga sinasaliksik na produkto ng Office of Research and Development na nakakatugon sa mga pangangailangan ng partner hanggang 95% mula sa baseline na 93% sa FY 2021.
	Ipatupad ang 126 mga kilos para sa mga layunin ng siyentipikong integridad na may sertipiko ng Deputy Scientific Integrity Officials sa bawat programa ng EPA at rehiyon.
Estratehiya a: Kalusugan ng Mga	Tasahin at ikonsidera ang impormasyon sa environmental health at data para sa lahat ng mga bata sa lahat ng mga yugto ng buhay para sa lahat ng mga nakumpletong kilos ng EPA na may kinalaman sa kalusugan ng tao.
Ikatlong Estratehiya: Mga manggagawa	Ang EPA ay ganap na susunod sa limang mga matataas na prioridad na kautusan ayon sa Executive Order 14028: <i>Pagpapahusay sa Cybersecurity ng Bansa</i> .
	Gantimpalaan ng 4% ng paggastos ayon sa kontrata sa EPA para sa maliliit na negosyo na matatagpuan sa Historically Underutilized Business Zones kung ikukumpara sa FY 2018-2020 average na taunang baseline na 2.2%.
	Pasimulan ag lahat ng mga prioridad na climate resiliency project para sa mga pasilidad na pagmamay-ari ng EPA sa loob ng 24 buwan sa pagkukumpleto ng pagtatasa sa klima ng pasilidad at pagbibigay prioridad sa proyekto.
	Matatamo ng EPA ang pinakamataas na Antas ng Pagkakaiba-iba, Pagkakapantay-pantay, Pagkakabilang sa Lahat, at Accessibility Maturity ng “Leading and Sustaining” tulad nang tiniyak sa Nobyembre 2021 na Strategic Plan sa Kabuuan ng Gobyerno para Mapasulong ang DEIA sa Mga Manggagawang Pederal at magawa ang lahat ng mga layunin ng EPA na tinukoy sa Gender Equity and Equality Action Plan ng Ahensya.
	Gawing awtomatiko ang lahat ng mga prioridad na administratibong proseso.
	Gawing awtomatiko ang mga pangunahing programa na nagbibigay pahintulot ng EPA.
Ikaapat na Estratehiya: Mga Partnership	Ikonsidera ang mga Tribal treaty rights bilang parte ng lahat ng mga Tribal na konsultasyon ng EPA na maaaring maka-apekto sa mga Tribal treaty rights.
	Alisin ang pagkakahuli sa gawain ng matagal nang dapat natapos na mga pagtugon sa Freedom of Information Act, kung ikukumpara sa FY 2021 baseline na 1,056.

Mga Ahensya)

FY 2022-2023 Mga Layunin sa Prioridad ng Ahensya

Tapusin ang produksyon at paggamit ng hydrofluorocarbons (HFCs). Sa padating ng Setyembre 30, 2023, ang taunang gamit ng Estados Unidos ng mga HFC ay magiging 10% mas mababa sa baseline na 303.9 milyong metric ton ng katumbas na carbon dioxide equivalent (MMTCO_{2e}) na nakakasunod sa schedule ng pagtatapos ng HFC batay sa American Innovation Manufacturing Act at nakasaad sa mga ipinapatupad na regulasyon. Isang 10% na pagbabago ay magpapakaunti sa limitasyon ng gamit ng Estados Unidos ay magiging mas kaunti sa 273.5 MMTCO_{2e} sa taong 2023.

Magbigay ng tools at metrics para sa EPA at ang Tribal, state, local, at mga nasa komunidad na kapartner nito upang mapasulong ang environmental justice at panlabas na pagsunod sa mga civil rights Sa pagsapit ng Setyembre 30, 2023, magde-develop ang EPA at magpapatupad rin ng pinagkaisang balangkas ng mga epekto, magpapalabas ng patnubay sa pagsunod sa civil rights magtatada ng kahit man lang 10 hudyat para matasa ang pagganap ng EPA sa pagbabawas ng mga di pagkakapantay-pantay na pakikitungo sa mga kondisyon ng kapaligiran at pampublikong kalusugan, at sasanayin ang staff at mga kapartner kung paano gamitin ang mga dulugan na ito.

Linisin ang mga nakontaminang site at mamuhunan sa imprastruktura ng tubig para mapahusay ang kondisyon upang mamuhay dito at ang sigla ng ekonomiya sa mga sobrang nahihirapan at di masyado napaglilingkuran na komunidad. Sa pagsapit ng Setyembre 30, 2023, ang EPA ay magbibigay ng technical na tulong sa kahit man lang 10 mga komunidad para makatulong na matamo ang malinis at ligtas na tubig at nabawasang pagkakalantad sa mapapanganib na substance.